# Upang Ligtas na Mag- aliw sa Ilog

清流の国ぎふ

*Masayang maglaro sa ilog ngayong panahon. Ngunit kailangan din isaalang- alang ang mga panganib sa ilog tulad ng biglang pag-apaw nito, atbp. Tuparin ang limang (5) tagubilin upang ligtas na mag- aliw sa ilog.*



## 5 Tagubilin

1. Bigyang importansya ang mga hayop at halamang nakatira sa ilog tulad ng isda, insekto, ibon at iba pa.
2. Huwag hayaang maglaro ng mag-isa ang bata sa tabi ng ilog. Huwag na huwag pumunta sa ilog ng mag-isa.
3. Masayang lugar ang ilog, ngunit may nakakatakot na bahagi rin ito. Mag-isip ng mabuti at protektahan ang sarili.
4. Madalas na mayroong biglang pagbabago sa ilog. Bigyang pansin ang mga pagbabago sa panahon, daloy ng tubig, at pag- apaw nito.
5. Kung lalangoy sa ilog, siguruhin na nakasuot ng tama ang life jacket.


**Iuwi ang Sariling Basura, Huwag Dumihan ang Ilog !**



## Para sa mga Magulang

**Mahalagang Paala-ala Kung Maglalaro sa Ilog**

①Huwag pumunta at papuntahin ng mag-isa ang bata.
②Huwag papuntahin sa ilog kung mataas ang tubig pagkatapos ng ulan atbp.
③Agad na sumunod kung may tagubilin mula sa pulisya at fire department.
④Ang daloy ng ilog ay magkaka-iba depende sa lugar kaya mag-ingat.
⑤ Kumpirmahin sa cellphone at personal computer ang kalagayan ng ilog.
⑥ Kumpirmahin kung paano ginagamit ang ilog. Halimbawa, kung may nagwa- water bike ba, o iba pa.



## Kasuotan sa Paglangoy

①Magsuot ng life jacket.
②Magsuot ng damit na madaling matuyo kahit na mabasa.
③Magsuot ng sapatos na di-natatanggal tulad ng water shoes, river shoes atbp.

*(Delikado kapag natanggal ang beach sandals na walang sakong!)*



**●Gifu Ken River Disaster Preparedness Information**

Alamin ang「Lakas ng Ulan」at「Antas ng Tubig」sa "Real Time"!
http://www.kasen.pref.gifu.lg.jp/

**●Gifu River at Road Alarm Mail**

Awtomatikong ipapadala sa inyong cellphone at smart phone ang impormasyon tungkol sa malakas na ulan, baha, road close atbp.
https://service.sugumail.com/gifu/member/

©Gifu Ken

Ref./Source: Public Interest Foundation River Foundation Publication「Waterside Safeness Handbook / "Mizube no Anzen Handbook"」